

- Magtala ng dalawang pangalan ng taong mas nakababata sa iyo na maaari mong kausapin tungkol sa kapangyarihan ng Diyos. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng pagkakataon na maibahagi sa kanila ang ginawa Niya sa buhay mo.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga taong inilagay Niya sa buhay mo na tumutulong sa pagpapalakas ng pananampalataya mo sa Kanya. Ipanalangin na sa pakikipag-ugnayan mo sa kanila, magkaroon ka ng mga pagkakataon na makita ang katotohanan at kapangyarihan ng Diyos.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na patuloy na maniwala na tutuparin Niya ang Kanyang mga ipinangako sa buhay mo.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga pagkakataon na ibahagi sa iba kung paano Niya ipinakita sa iyo ang Kanyang katotohanan at kapangyarihan sa buhay mo.

NOTES



© 2019 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

UNCHANGING

Pagkapanganak at Pagkagapos ni Isaac

WEEK 1

WARM-UP

- Ano ang isang karanasan mo noong bata na bumago sa paraan mo ng pamumuhay?
- Sino ang paborito mong guro noong bata? Bakit mo siya naging paborito?
- Anong aral na natutunan mo mula sa iyong mga magulang o tagapangalaga ang hindi mo makakalimutan? Bakit tumatak ang aral na ito sa isip mo?

WORD *“Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito na ibinigay ko sa inyo ngayon. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak. Pag-usapan ninyo ito kapag kayo’y nasa inyong mga bahay at kapag naglalakad, kapag nakahiga, at kapag babangon kayo.” DEUTERONOMIO 6:6,7*

(Basahin din ang **GENESIS 21:1-7, 22:1-14.**)

Ang Diyos ay matapat sa buhay ni Abraham. Ipinakita ito ng mahimalang pagkapanganak ni Isaac at ng pangako ng Diyos na ipagpapatuloy Niya ang Kanyang kasunduan kay Isaac at *sa mga lahi niya* (Genesis 17:19), bago pa man ipanganak si Isaac. Nakita ni Isaac ang katapatan ng Diyos sa buong buhay ni Abraham at nakita niya kung paano nagpakita ang kanyang ama ng ganap na pagtitiwala at pag-asa sa Diyos. Ito ang halimbawa na dapat niyang sundan bilang anak ni Abraham. Ngayon, titignan natin kung paano lumago ang pananampalataya ni Isaac sa Diyos sa pamamagitan ng mga ipinakita sa kanya ng kanyang ama.

1 | Nakita ni Isaac ang pagsunod ni Abraham sa Diyos.

⁷Habang lumalakad sila, sinabi ni Isaac, “Ama!” Sumagot si Abraham, “Bakit anak?” Nagtanong si Isaac, “May dala po tayong sulo at panggatong pero nasaan po ang tupa na ihahandog?”

⁸Sumagot si Abraham, “Anak, ang Diyos mismo ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog.” At nagpatuloy sila sa paglalakad.

GENESIS 22:7,8

Maaaring hindi ito ang unang pagkakataon na *ipinapasan ni Abraham kay Isaac ang mga kahoy na gagamitin sa paghahandog* dahil hindi na siya nagtanong kung para saan ang mga kahoy. Malinaw sa kanya na gagamitin ito ng kanyang ama upang sambahin ang Diyos sa pamamagitan ng pag-aalay. Subalit nagtaka siya kung bakit wala ang tupa na ihahandog. Nang marinig ni Isaac ang sagot ng kanyang ama, hindi na siya ulit nagtanong. Ang ganap na pagtitiwala ng kanyang ama na *ang Diyos mismo ang magbibigay ng tupang ihahandog ay sapat na upang magpatuloy siya sa paglalakad*. Ayon sa Mga Salmo 9:10, sino ang mga tao na nagtitiwala sa Diyos? Paano natin ipinapakita sa mga taong malapit sa atin na tayo ay nagtitiwala sa Diyos?

2 | Nakita ni Isaac ang pagtitiwala ni Abraham sa Diyos.

⁹Nang dumating sila sa lugar na sinabi ng Diyos, gumawa si Abraham ng altar na bato, at inihanda niya ang mga kahoy sa ibabaw nito. Pagkatapos, iginapos niya si Isaac at inihiga sa ibabaw ng altar. ¹⁰Kinuha niya ang itak. At nang papatayin na sana niya si Isaac . . . **GENESIS 22:9,10**

Sa bahaging ito, nakita ni Isaac kung paano sinunod ni Abraham ang isang mahirap na utos mula sa Diyos. Si Isaac ay hindi lamang kaisa-isang anak ni Abraham kay Sarai. Siya rin ang anak na ipinangako ng Diyos, ang tanging daan kung paano magiging *ama ng maraming bansa* si Abraham (Genesis 17:5). Subalit hindi nag-alinlangan si Abraham na sundin ang Diyos. Nakita ni Isaac ang determinasyon ng kanyang ama na sundin ang Diyos na kanyang pinagkakatiwalaan, simula ng

bumangon siya ng araw na iyon hanggang sa kunin niya ang itak upang patayin ang kanyang anak. Sa tuwing nakikita natin ang pagsunod ng ibang tao sa Diyos, paano tayo nahihikayat na sumunod din sa Kanya?

3 | Sa pamamagitan ni Abraham, nakita ni Isaac ang kapangyarihan ng Diyos.

¹³Paglingon ni Abraham, may nakita siyang isang lalaking tupa na ang sungay ay nasabit sa mga sanga ng kahoy, at hindi na ito makaalis. Kaya kinuha ito ni Abraham at inihandog bilang handog na sinusunog kapalit ng kanyang anak. ¹⁴Tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na “Naglalaan ang Panginoon.” Ito ang pinagmulan ng kasabihang, “Sa bundok ng Panginoon may inilalaan siya.” **GENESIS 22:13,14**

Dahil sa pagsunod at pagtitiwala ni Abraham sa Diyos, nakita ng kanyang anak kung paano siya *tinawag ng anghel ng Panginoon mula sa langit* at kung paano inihayag ng anghel na siya ay *may takot sa Diyos*. Nakita ni Isaac kung paano ibinigay ng Diyos ang tupa para sa paghahandog. Ang pagsunod ni Abraham ay nagdala kay Isaac sa sitwasyon kung saan personal niyang nakita ang kapangyarihan ng Diyos. Ayon sa Mga Salmo 71:18, kanino natin dapat ihayag ang kapangyarihan ng Diyos?

APPLICATION

- Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang mapalapit sa isang tagasunod ng Diyos? Paano mo matututunang mas magtiwala na tutuparin ng Diyos ang mga ipinangako Niya sa buhay mo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan mo sa taong ito?
- Paano mo maipakakita ang ganap na pagtitiwala at pagsunod mo kay Jesus ngayong linggo?